Ang pagsamba sa panahon ng ligalig ay gaya ng paglikas patungo sa akin."}

Ayon kay Ma`qil bin Yasār (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang pagsamba sa panahon ng ligalig ay gaya ng paglikas patungo sa akin."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Gumabay ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa panahon ng ligalig, sigalot, patayan, at pagkalito ng mga lagay ng mga tao tungo sa pagsamba at pangungunyapit dito at na ang pabuya rito ay gaya ng paglikas patungo sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Iyon ay dahil ang mga tao ay nalilingat dito, nagpapakaabala palayo rito, at walang naglalaan ng sarili para rito kundi iilan.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5020